PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.'s
REMARKS DURING THE DISTRIBUTION OF ASSISTANCE
TO THE VICTIMS OF TROPICAL STORM "PAENG"
IN MAGUINDANAO DEL NORTE
Datu Odin Sinsuat in Maguindanao del Norte
November 1, 2022

[00:00:02]
Thank you. Please take your seats.

Maraming salamat, Secretary Anton Lagdameo sa inyong pagpakilala. At ang ating mga opisyales na nandito; my fellow workers in government at ang ating mga Cabinet members.

Kalahati na yata ng Cabinet ay nandito para magdala at tiyakin na dumating ang tulong sa mga nangangailangan dahil sa nangyaring disaster doon nga na gumuho ang landslide pero hindi lang naman 'yun. Marami pang iba na nawalan ng bahay, maraming iba nasiraan ng bahay nasa evacuation center pa.

Kaya't ako naman galing kami sa --- ibang klase itong bagyo na Paeng dahil ang daming tinamaan hanggang Luzon, hanggang dito sa Mindanao may disaster dahil doon sa isang typhoon lang kaya't naiba.

Kaya't kahapon nasa Cavite naman ako, ganoon din, nabaha din sila pero iba naman ang mga kanilang problema.

So ngayon ay nag-helicopter kami, tiningnan lang namin kung saan ang mga problem area at mukhang kailangan pa rin talaga na bigyan ng maraming tulong ang ating mga kababayan dito. Ang pinaka problema 'yung kay Mayor Lester nga 'yung mga pabahay.

Ang sagot diyan ay ang aming ginagawa pagka sira talaga ang lugar nagbibigay kami ng building material mismo. Pero hindi naman ganun ang nangyari dito kaya ang ibibigay ng DSWD — ininstraksyunan ko na si Secretary Erwin Tulfo, ininstraksyunan ko na siya — na imbes na tayo ang magbigay ng construction materials ay bibigyan na lang namin kayo depende five to 10,000 bawat isa para makapagbili ng construction materials at para makapagpili kayo kung ano 'yung gusto niyo, paanong gusto ninyong gawin. [applause] Titiyakin natin 'yan.

[00:02:16]
Ito ngayon ay binabantayan din natin 'yung mga naiwan pa sa evacuation center. Sa evacuation center ang bilang yata ay 22,000 pa ang nandiyan.

Kaya't patuloy namin susuportahan 'yan, patuloy hanggang makauwi, hanggang makabalik sa kani-kanilang bahay at ang naiiwan pa sa mga evacuation center ay iyon ang gagawin namin. We will continue to support. We will continue to provide.

Ito may mga dala kami, magdi-distribute kami ng kaunti. Nandito kami para tiyakin na mabilis ang pagdating ng tulong na galing sa national government sa inyo na tinamaan ng bagyo, na nabiktima ng bagyo na nangangailangan ng tulong.

Kaya't patuloy lang ang aming ginagawa ---binabantayan namin kayo. Tinitingnan namin nang mabuti kung ano ang pangangailangan ninyo at lahat ng…

Nag-meeting naman kami together with the BARMM ministers kasama si Gov. Bai Mariam, Gov. Datu Pax, si Mayor Lester, nandoon kaming lahat para pagandahin ang ating pag-respond sa mga krisis na kagaya nito.

At nandyan ang BARMM. Sabi ko sa kanila ayusin natin ang pagtulungan ng BARMM at saka ng LGU. At napaka importante para tulungan ang mga nabiktima dito sa bagyong ito, dito sa Paeng.

Anyway iyon ang aking --- kaya iyon ang aming sadya rito para makita kung ano ba talaga ang nangyari, number one. Pangalawa, para tiyakin na lahat ng dapat gawin ng national government ay ginagawa natin at lahat ng pangangailangan na nanggagaling sa inyo, sa LGU, ay maibibigay namin hangga't kaya ng national government.

Iyon ang patuloy naming tulong na ibibigay sa lahat ng mga nakaramdam dito sa Paeng, tinamaan dito sa Typhoon Paeng. Kaya't iyon ang aming ipapagpatuloy hangga't kayo ay makatayo na sa sarili ninyong mga paa. [applause] Iyan ang aming gagawin.

Siguro pwede na natin simulan. Iyung mga beneficiaries umpisahan na natin mayroon tayong ibibigay, iyung galing ito sa national government. Kaya't maraming salamat sa inyong lahat. [applause]

[00:05:02]

* * *